Ako ngayon ang awtor mo. Bagong awtor, kaya wag kang aangal. Ako ang bahala kung ano ang gusto kong gawin sayo. Kung isa ka bang lalaki o babae, matanda o bata, loko-loko o matino. Pero sa ngayon, isa kang studyante, estudyante na sawa na sa araw-araw at paulit-ulit na ginagawa ng isang nag-aaral, kung nag-aaral ka nga ba talaga..

Pumasok ka sa isang bilding ng pinapasukan mong unibersidad. Inakyat ang pinakataas at hinahanap ang tuktok. Nalimutan mong wala nga palang ruftap ang bilding na yan kaya't nakuntento ka nalang sa ika-apat na palapag ng bilding. Lumakad ka papunta sa bintana, binuksan mo ito at malakas na hangin ang dumampi sa'yong mukha. Inakyat mo ang bintana, tiningnan ang buong paligid. Tumingin ka sa ibaba at nakita ang mga mag-aaral na abala sa iba't-ibang mga gawain. Lumingon ka sa iyong likod, isang lumang silid-aralan. Wala nang nagkaklase sa silid na iyon dahil malapit na yang gibain at gawing gym. Tumingin ka ulit sa labas at tumingala upang tingnan ang langit na nagkukulay halong pula at dilaw sa malapit na paglubog ng araw. Naisip mo kung bakit nga ba napunta ka sa kinalalagyan mo ngayon. Naalala mo na nagsasawa ka na nga pala sa buhay estudyante na gigising sa umaga, kakain, maliligo, papasok sa paaralan, makikininig, aantukin, matatapos ang klase na kakaunti ang kaalaman ang pumasok sa utak, uuwi sa bahay, tutulog. Ang paikot-ikot na gawain mo mula edad pito hanggang labing siyam. Wala ka namang matinong mga kaibigan kahit napakarami nila. Halos kilala mo nga pala ang mga mag-aaral sa unibersidad na yan dahil naglalaro ka ng basketbol at maraming humahanga sayo. Nakakasawang buhay, yan ang pumapasok sa isip mo. Pagkatapos naman kasi ng kursong kinukuha mo ngayon, ano na ang gagawin mo? Magiging empleyado ng isang kompanya at paulit-ulit na naman ang gagawin. Kikita ka nga, magpapagod naman ulit para mabalik ang ginasta. Wala na talagang magandang bagay ang pumapasok sa utak mo kaya umakyat ka dyan sa mataas na bilding na yan. Naiisip mong pwede ka ng tumalon, damahin ang malakas na hangin habang mabilis kang nahuhulog at pagkatapos bumagsak, tapos ang kasawaan. Pero naisip mo lang yun, wala naman talaga ang bagay na yon sa utak mo dahil nais mo lang talagang tumambay sa lugar na yan, sa lumang silid aralan na may malaking bintana upang magmuni-muni, damhin ang hangin at panuorin ang mga mag-aaral sa ibaba.

Oh, bakit parang may bigla kang tinitigan? Si Mario ba na matinding kalaban mo sa basketbol? Mukhang abala sya sa pakikipag-usap sa mga babae nya ha? Kailan nga kaya magbabago yang taong yan? Madaya na sa basketbol, madaya pa pati sa pag-ibig. Awang-awa kaya ako sa'yo nung umiyak ka ng todo dahil lang sa iisang babae. Talo kayo noon sa basketbol game kaya medyo malungkot ka. Binalak mo nalang na sunduin ang nililigawan mo mula sa klase

niya. Iniisip mo na makita mo lang ang pinakamamahal mo, mabubuo ang nasira mong araw. Marinig mo lang ang boses at tawa niya, mawawala na ang pagod mo. Eksayted ka talaga ng mga panahon na yon, iniisip mo na ililibre mo sya ng meryenda. Okay lang na gumastos ka, kabayaran naman nun ang matatamis niyang mga ngiti at ang marami niyang mga kwento. Nasa dulo ka ng hallway ng mapansin mong, nasa labas na ang nililigawan mo. Kahit sa malayo, kilalang-kilala mo ang kanyang tindig at ang makintab at mahaba niyang buhok. Bakit kaya nasa labas na siya, sampung minuto pa di'ba? Napansin mo din na may kausap pala syang lalaki. Matipuno ang katawan, maputi at matangkad. Parang kilala mo di'ba? Malapit na malapit ka na ng makilala mo ang lalake. Si Mario pala. Naramdaman mong biglang uminit ang ulo mo at nanlamig ang iyong mga kamay. May hinala ka ng hindi maganda dahil sa nakikita mong porma ni Mario, hinahawi pataas ang buhok, pinasisingkit ang mga mata – sa madaling salita, nagpapagwapo sa harap ng nililigawan mo. Nagtaka ka kung bakit andoon sya samantalang alam mo na may nobya itong si Mario. Tuso talaga ang taong to. Tinalo na nga kayo sa basketbol, tinalo ka pa yata sa pag-ibig. Napakasaklap naman! Pero hindi, naging positibo ka pa rin. Malay mo, kinakausap lang ni Mario  dahil sa ilang mga gawain sa unibersidad. Dahan-dahan ka ng lumapit sa babae at bumati ka ng magandang hapon. Ngumiti sya sayo at ganon din si Mario. Tinanong mo sya kung tapos na ba ang klase niya. Sumagot sya na gusto sya kausapin ni Mario kaya lumabas sya saglit. Ahh.. buti naman at ganoon. Akala mo kasi, sinusundo na sya nito. Inalok mo sya na susunduin mo sya at magmemeryenda sa labas. Medyo nagulat ang ekspresyon ng babae, pagkatapos niyang tumingin sayo, tumingin sya sa lalaking katabi nito sabay sabi na hindi sya pwede dahil sa may usapan na sila ni Mario. Humakbang paunahan si Mario, malapit sayo at nagsalita ng pabulong sa tenga mo ng dahan-dahan, "Tol, pasensya ka na. Akin na ang mahal mo." Sabay ngisi ng tusong matsing. Inakbayan nito ang babae, patunay na sila na nga. Natulala ka nalang, kasabay ng tunog ng bell, nagsulputan na parang mga kabute ang mga estudyante. Maingay ang paligid mo pero pakiramdam mo, nabibingi ka ng katahimakan ng sakit na nararamdaman mo. Hinawakan ka sa braso ng mahal mo na ngayon ay pagmamay-ari na ng iba. Hinawakan ka niya, pagpaparamdam ng paghingi na tawad. Tiningnan mo sya sa mukha at nakita mong muli ang maganda niyang ngiti. Wala ka ng nagawa kundi gantihan din sya ng isang ngiti, malungkot na ngiti. Naglakad ka na palabas ng kanilang bilding, naramdaman mo nalang na unti-unting tumutulo ang mga butil ng luha sa iyong pisngi. Kung pipigilan mo ito, masakit sa dibdib kaya hinayaan mo nalang. At iyon nga si Mario, ang tusong matsing.

Oh? Hindi ba sya ang tinitingnan mo? Ahh.. baka naman si Maria na kaklase mo sa major

subject. Mahilig talaga syang kumain ano? Mukhang wala syang kabusugan. Kawawa naman ang katawan niya. Bukod sa matakaw, saksakan pa ng damot ang baboy este, babaeng iyan. Naalala mo isang hapon habang nagkaklase kayo sa major, bigla syang lumabas. Sa unahan pa man din sya nakaupo, mano ba namang magpaalam sa guro! Aba'y hindi eh. Para sayo, kabastusan iyon pero kung gustong-gusto na talagang mamanyo, wala ka namang magagawa eh. Lumipas ang ilang mga minuto, nawala na sa isip mo na may lumabas na baboy. Maya-maya, pumasok na nga itong si Maria na may dalang supot. Umupo sa kanyang upuan sa unahan, malaking ngiti ang nasa mukha niya habang inilalabas ang baunan ng pagkain. Ang walanghiyang baboy, nagpunta pala sa cafeteria at nagtake-out na pagkain! Ayos lang sana kung hindi kakain eh, kamukatmukat mo bigla ba namang naglabas ng kutsara, binuksan ang baunan at kumain?! Ang nakakahiyang baboy naman talaga oh. Kahit anong inis naman ang maramdaman mo, wala kang magagawa sa kahihiyan na ginagawa niya. Tiningnan mo ang guro niyo, nakatingin lang din sya kay Maria, tulad mo at tulad ng mga kaklase mo, wala ring magawa. Hindi lang iyan ang mga nakakahiyang mga bagay ang ginagawa niya. Bigla mong naalala ang nilimot mong pangyayari kasama siya bilang kontrabida. Kumakain ka noon ng chicharya sa may tapat ng silid-aralan niyo. Gusto mo sanang mang-alok kaso wala pa namang lumalapit sayo nang bigla ka nalang nagulat dahil parang multong mukhang baboy ang biglang lumitaw sa unahan mo. Inalok mo sya ng kinakain mo kahit na nakita mong may kinakain din itong chicharya. Nginitian ka niya ng malaki at kumuha sa pagkain mo. Inalok ka rin niya ng kaniya. Ngumiti ka at nang inilapit na niya ang chicharya sayo, bigla niyang inilayo ito habang ang kamay mo ay nasa ere na dudukot sana sa pagkain niya. Akala mo nung una binibiro ka lang niya dahil kumuha ulit sya sa pagkain mo at inalok ka ulit. Sa pangalawang pagkakataon, naisip mo na bibigyan ka na nito. Itinaas mo na ulit ang kamay at padukot ka nang kukuha ng bigla ulit inilayo ng loko-lokong baboy ang chicharya niya. Mukhang nakikipagbiruan ito ha – iyon ang naisip mo. Sa pangatlong pagkakataon, gusto mo sanang gumanti sa kanya. Balak mong gawin sa kanya ang ginagawa niya sayo. Siguradong hihingi ulit sayo to dahil sa katakawang taglay nito. Inalok mo na ulit sya, nginitian ka ulit niya ng malaki at paamba mo ng ilalayo ang pagkain mo ng bigla nitong hablutin ang chicharya mo. Wala sa isip mong iyon ang gagawin niya kaya natawa ka sa kanya na may halong pagkapikon. Tawang-tawa din sya sa ginawa niya. Hindi nga lang tawa kundi halakhak na halos lahat ng mga estudyante sa paligid ay nakatingin na sa inyong dalawa. Ang kahihiyan, iyon ang pumasok sa isip mo. Kaya napagpasyahan mo nalang na pumasok nalang sa inyong silid-aralan, matago man lang ang mukha mong namumula sa pagkapikon at pagkahiya. Nang papasok ka na ay tinawag ka ng

baboy. Aba, marunong pala magsalita ang baboy! Ibabalik na niya sayo ang pagkain mo. Sa ngayon, seryoso ang mukha niya. Mukhang nakonsensya sa ginawa niya. Kukunin mo na sana ang tunay na iyo ng biglang binawi niya ulit ito binelatan ka pa! Ang walanghiyang, loko-lokong, swapang na baboy na ito!! Kumulo ang bulkan sa loob mo. Kung hindi ka siguro nakapagtimpi ng oras na iyon at kung hindi ka lang naaawa sa mga hayop, nabatukan mo siguro ang Mariang yon. Maria pa man din ang pangalan! Hindi bagay sa kaitsurahan at ugali. At iyan, tanaw mo sya mula sa itaas na kumakain na naman.

Bakit, hindi pa rin ba sya tinitingnan mo? Malamang, si Jose ano? Matagal mo na rin yang kilala at mabuting kaibigan yan. Mabuting kaibigan sa kalokohan. Naalala mo ba nung una ka niyang alukin magyosi? Nakakatawa ang itsura mo noon. Di malaman kung tatanggi o hindi, kitang-kita pa ang takot sa mukha mo. Takot sa bagong kilalang kaibigan at takot sa magulang. Buti nalang nanaig ang pagiging mabuting anak mo at tinanggihan mo ang alok niya. Buti nalang din at hindi din ganon kasiga yang si Jose tulad ng ibang mga rebeldeng anak. Kung hindi, nako, bugbog sarado ka siguro pagkasagot na pagkasagot mo palang ng HINDI sa kanya. Hindi mo naman din sya masisi kung bakit ganoon sya ngayon dahil hiwalay ang mga magulang niya. Ang tatay, sumakabilang bahay na sa ikaapat niyang babae. Ang nanay, nakulong dahil sa droga pero kahit nakalabas na, kulong pa din ang buhay sa sugal at bisyo. Buti nalang at may lola pa yang si Jose na pwedeng magpa-aral at mag-alaga, kung hindi, kaawa-awa marahil ang lagay niya ngayon sa kalye. Masayang kasama si Jose pero pag kayong dalawa nalang, hindi niya mapigilang ilabas sa'yo ang sama ng loob, galit sa mundo at awa sa sarili. Hindi mo malaman kung bakit ikaw ang napagsasabihan niya ng mga bagay na ito pero ang sabi niya kasi sa'yo, "Subukan mo lang na wag makinig sa'kin, papasuin kita ng yosi ko." Ikaw namang kalaki-laking duwag, sumang-ayon nalang at nakinig. Kahit kaunti, nababawasan siya ng tinik sa dibdib at itinutusok naman sa iyo ang mga yon dahil pakiramdam mo, nagiging problema mo ang problema niya. Wala ka naman din kasing magawa para masolusyunan. Ang alam mo lang, makinig sa problema niya, damhin iyon at ipagdasal siya. Aba! Marunong ka pala magdasal!

Nilipat mo ang pagtanaw sa baba, sinundan ang taong talagang tinititigan at tinatanaw. Sya na nga ba talaga? Siguro, sya na nga.

Oh, san ka na ngayon pupunta? Susundan mo ba sya? Bakit naman? Sinayang mo kasi yung mga pagkakataon na lagi mo syang nakikitang mag-isa at hindi mo man lang nagawang lapitan. Ngayon, nagmamadali kang bumaba ng hagdan. Maya nyan, madulas ka pa. O diba, di ako nagkamali, nadulas ka nga. Dahan-dahan ka nga! Dumidilim na, gusto mo bang maging

nakakatakot ang kwento mo? Pero sige, wag na muna. Nagmamadali ka masyado ngayon eh. Di mo na nga napansin na naiwan mo yung backpack mo dun sa itaas, ngayon nasa ground floor ka na. Ang ganda tingnan ng liwanag ng palubog na araw. Mula sa gitnang pintuan, bumabanda sa salamin nito ang nakasisilaw na magkahalong kulay dilaw at pulang liwanag. Di mo alam kung tutuloy ka pa bang sundan sya o hindi kaya bumagal ang pagtakbo mo. Di mo naman kasi alam kung ano talaga ang sasabihin mo. Basta bigla ka nalang tumayo sa pagkakaupo mo at tumakbo. Malapit ka na sa nakasisilaw na pinto. Pagbukas mo nito, bumungad bigla ang napakaraming estudyante sa harap mo. Ang gulo talaga ng utak mo. Kung hahabulin mo, habulin mo na talaga. Nakita mo sya sa unahan ng karamihan ng mga estudyante, ngayon, magdadalawang-isip ka pa ba? Nakipagsiksikan ka na sa kanila. Nabibingi ka na naman mula sa ingay ng kwetuhan, tawanan, sigawan, at dikta ng awtor mo. Dahil kahit ang awtor mo, nagdadalawang-isip para sayo. Susundan pa ba kita? Nobela na sana to kung hindi mo sya nakita. Maikikwento ko pa sana ang iba't-ibang klase ng tao na nakasalamuha at nakita mo. Unti-unti ka nang naglaho sa agos ng karamihan ng tao. Gusto ko pa sanang gawing black and white ang paligid at ikaw lang ang manatiling colored, pero hindi na siguro.

Oh pano, tapos na ang kwento mo. Nalimutan ko palang sabihin na, Luigi ang pangalan mo. Hindi mo kapatid si Mario, parehas niyo lang talagang nagustuhan si Daisy.

Some Liaisons

Teves, Jana C.